BABALA SA SEGURIDAD

“Dream” Job ay Pangarap Lamang?

Parang iyon na ang perpektong trabaho. Matagal-tagal ka nang naghahanap ng trabaho, ngunit kamakailan lang ay may natagpuan kang isang patalastas sa iyong lokal na pahayagan para sa isang magandang posisyon sa isang cruise ship. Tinawagan mo ang numerong nakalagay at matapos mai-fax ang iyong aplikasyon o resume at maikling pakikipag-usap sa isang interview sa telepono, sinabi sa iyo na natanggap ka sa posisyon.

Sigurado kang lehitimo ang alok. Kunsabagay, iinilathala ito sa isang kilalang pahayagan. Ang tao sa kabilang linya ay tila napaka-propesyonal at nagtanong ng mga tamang katanungan. Sinabi din niya ang tungkol sa pasahod at mga benepisyo. Tiyak na ito na ang pagkakataon sa tanang buhay. Ang kailangan mo lang gawin ay magpadala ng ilang daang dolyar para mabili ang iyong uniporme at sapatos.

Sa kasawiang-palad, kapag naipadala na ang pera, na laman mong hindi na sinasagot ng employment agency ang iyong mga trabaho. Malalaman mo rin na ang numero ng telepono ay nadiskonekta na at walang naiwang impormasyon sa numerong maaaring tawagan. Nang direkta mong tawagan ang cruise line, nalaman mo na hindi kailanman narinig ng kumpanya ang agency na sinasabi mo at ang iyong dream job sa cruise ship ay wala. Naging biktima ka ng job scam.

Mga job scam

Sinumang naghanap ng trabaho ay makapagsasabi sa iyo na kadalasan ay isa itong matagal at nakakadismayang proseso. Minsan ang paghahanap ng trabaho ay tila mas mahirap kaysa sa mismong trabaho. Kung kaya ang mga consumer ay mas kakagat sa pagkakataon kapag dumating ang “perfect job”. Sa kasawiang-palad, may mga mapanlinlang na tao na nakagawa ng paraan upang mapagsamantalahan ang mga taong naghahanap ng trabaho.

Ang mga job scam ay iba-iba. Ang “cruise ship” scam ay madalas na lumilitaw, ngunit ang scam na ito ay maaaring gamitin sa anumang uri ng trabaho. Ang susi ay ito; ang mga scam artist ay palaging mangangailangan ng ilang uri ng pagbabayad bago mangyari ang pagkatanggap sa trabaho. Maaaring ito ay para sa mga uniporme o sapatos. Maaaring ito ay application fee o fee para sa security screening.

Kapag dumating ang "job of a lifetime", natural lamang na gawin ang bawat posibleng hakbang upang makuha agad ang posisyon. Subalit kapag humihingi na ng pondo, dapat na palagi kang magsaliksik at tiyakin na ang tao o agency na iyong kausap ay lehitimo. Nasa ibaba ang ilang ideya upang makaiwas sa job scam:

- Palaging mag-ingat kapag may ilang uri ng pagbabayad na kinakailangan kaagad bago matanggap sa trabaho. Karamihan sa lehitimong employer ay hindi mangangailangan ng mga paunang bayad para sa mga bagay na gaya ng mga uniporme.
- Tandaan na hindi ipinapayo ng Western Union ang paggamit ng money transfer kapag nakikipagnegosyo sa mga hindi kilalang tao o sa isang tao na ang pagkakakilanlan ay hindi mo ganap na matitiyak.

BABALA SA SEGURIDAD

- Kapag nakikipag-usap sa isang hindi kilalang agency o kumpanya, kontakin sandali ang iyong Better Business Bureau para malaman kung ang kumpanya ay lehitimo o kung may mga reklamo kamakailan lang. Maaaring isang saglit na pagtawag lang sa telepono ang kailangan upang mailigtas ang iyong pinaghirapang pera.

- Kung nabiktima ka ng job scam, dapat mong ipagbigay-alam sa batas at at sa pahayagan na naglathala ng patalastas ng trabaho. Ang paggawa ng ganito ay hindi lamang nakakatulong sa paghuli sa manlilinlang, ngunit maaari rin nitong mapigilan ang isa pang walang kaalam-alam na tao sa pagiging biktima ng gayong scam.

Lubos na sineseryoso ng Western Union ang problemang panlilinlang sa consumer. Pinahahalagahan namin ang aming mga consumer at alam namin na pinaghihirapan nila ang kanilang pera. Kapag nalamangan ang mga consumer sa pagiging biktima ng panlilinlang, pakiwari namin ay nalamangan din kami. Kung kaya kumikilos kami upang ipaalam ang iba't-ibang uri ng panlilinlang sa consumer.

# # #